



Nahihirapan sa pagbabayad ng renta dahil sa pandemyang COVID-19?

Ang Virginia ay namamahala ng tulong para sa mga nagrerenta na nakakaranas ng negatibong pinansyal na epekto dahil sa pandemyang COVID-19 sa pamamagitan ng Virginia Rent Relief Program (RRP). Sa pamamagitan ng programa ng estado na ito, maaari kang mag-apply (o ang landlord ay maaaring mag-apply sa ngalan mo) para tumanggap ng pera para mabayaran ang hindi pa nababayarang renta simula Abril 1, 2020, at hanggang sa tatlong buwan ng pagbabayarad sa hinaharap upang mapanatili ang katatagan ng pabahay. Ang kabuuang pagbabayad ay hindi maaaring lumampas nang kabuuang 15 buwan ng tulong sa renta kada sambahayan.



Pagiging kwalepikado

Ang Virginia RRP ay magbibigay ng tulong pinansyal sa ngalan ng mga nagrerenta na natutugunan ang sumusunod na pamantayan:

- May balidong kasunduan ng pag-upa na nakapangalan sa kanila o ibang mga dokumento na nagkukumpirma ng relasyon ng nagpapaupa-umuupa, at nakatira sa yunit sa oras ng aplikasyon
- May halaga ng renta na nasa o mas mababa sa [150% sa Renta ng Patas na Merkado](#)
- May kabuuang kita ng sambahayan na nasa o mas mababa sa [80% ng lugar ng median na kita](#)
- Direkta o di direktang nakaranas ng pinansyal na kahirapan dahil sa pandemyang coronavirus kabilang ngunit hindi limitado sa:
 - Nawalan ng trabaho
 - Nagsara ang lugar ng trabaho
 - Pagbabawas ng oras ng trabaho
 - Kawalan ng suporta ng asawa/anak
 - Kawalan ng kakayahan na maghanap ng trabaho dahil sa COVID-19
 - Pananatili sa bahay kasama ang mga anak dahil sa distance learning / pagsasara ng day care o paaralan
 - Pagtaas ng mga gastos dahil sa COVID-19, tulad pangangalaga sa bata, medikal na bayarin, atbp.
 - Ayaw o walang kakayahan na makibahagi sa dating trabaho dahil sa mataas na panganib ng malubhang pagkakasakit mula sa COVID-19 sa lugar ng trabaho



Mga kinakailangang dokumento

Kailangan mo ng sumusunod bilang patunay ng pagiging kwalepikado:

- Patunay ng kita (halimbawa: mga pay stub, bank statement, sulat mula sa employer, Social Security na dokumento, pensyon)
- Balidong pagpapaupa o iba pang dokumento ng relasyon ng nagpapaupa-nangungupahan
- Ledyer ng renta (ibinibigay ng nagpapaupa)
- Nakumpletong aplikasyon at mga kasunduan
- Virginia W-9

Makipag-ugnayan sa iyong landlord ngayon para mag-apply sa ngalan mo. Ito ang pinakamabilis na paraan para ma-access ang tulong sa renta.



O mag-apply para sa sarili mo. Magsimula sa website ng DHCD: dhcd.virginia.gov/eligibility